# SEKSUWAL NA PANLILIGALIG AT PABAHAY

## DOKUMENTO NG IMPORMASYON

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

### ANO ANG SEKSUWAL NA PANLILIGALIG?

Ipinagbabawal ng batas ng California ang panliligalig o pangha-harass dahil sa pagiging miyembro ng isang protektadong klase bilang mapandiskriminang gawi sa pabahay. Sinasaklaw ng pagbabawal sa panliligalig ang gawing batay sa pagiging miyembro ng isang indibidwal sa isang protektadong klase, pagpapalagay na miyembro ang isang tao ng isang protektadong klase, o na sanhi ng pagtulong o paghikayat sa sinumang tao sa pagganap ng mga karapatang pinoprotektahan sa ilalim ng Batas ng California.

MAY DALAWANG URI NG SEKSUWAL NA PANLILIGALIG:

1. Quid Pro Quo na seksuwal na panliligalig; at
2. seksuwal na panliligalig sa Di-Ligtas na Kapaligiran.

### MAYROON BANG MGA PROTEKSIYON PARA SA AKIN KUNG AKO AY NAKARARANAS NG SEKSUWAL NA PANLILIGALIG SA AKING TAHANAN?

Oo. Ang seksuwal na panliligalig sa pabahay ay isang uri ng diskriminasyon sa kasarian na ipinagbabawal ng Batas sa Makatarungang Pabahay. Nagbibigay ang Batas ng mga proteksiyon upang pangalagaan ang tahanan bilang isang lugar ng privacy, seguridad at kanlungan.

### QUID PRO QUO

Nangyayari ang quid pro quo na panliligalig kapag hinihingi ng isang provider ng pabahay sa isang tao na magpasailalim sa di-katanggap-tanggap na kahilingang makibahagi sa seksuwal na gawi bilang kondisyon sa pagkamit o pagpapanatili ng pabahay o mga serbisyong may kaugnayan sa pabahay. Ang transaksiyong kapaki-pakinabang at sinang-ayunan ng lahat ng panig ay hindi di-katanggap-tanggap at hindi maituturing na quid pro quo na panliligalig sa ilalim ng Batas, gayunman, kung sumang-ayon nang labag sa loob ang isang indibidwal sa isang di-katanggap-tanggap na pag-utos o hiling, maaaring may naganap na ipinagbabawal na quid pro quo na panliligalig. Bilang halimbawa:

- Sinasabi ng isang may-ari ng bahay o landlord sa isang aplikante na hindi siya magpapaupa sa kaniya ng isang apartment maliban kung makikipagtalik ito sa kaniya.
- Pinapaalis ng tagapamahala ng isang ari-arian ang isang nangungupahan pagkatapos nitong tumangging gumawa ng mga seksuwal na akto.
- Tumatanggi ang isang tauhan ng maintenance na magsagawa ng mga pagkukumpuni maliban kung magbibigay sa kaniya ang isang nangungupahan ng mga hubad na larawan ng sarili.

### DI-LIGTAS NA KAPALIGIRAN

Nangyayari ang panliligalig sa di-ligtas na kapaligiran kapag ipinapailalim ng provider ng pabahay ang isang tao sa malubha at ekstensibong di-katanggap-tanggap na seksuwal na gawi na nakahahadlang sa pagbibili, pagpapaupa, pagiging available, o sa mga tuntunin, kondisyon, o pribilehiyo ng pabahay o serbisyong may kaugnayan sa pabahay, kabilang ang pagtustos (financing). Bilang halimbawa:

- Pinapailalim ng isang may-ari ng bahay ang isang nangungupahan sa malubha o ekstensibong di-katanggap-tanggap na paghawak, paghalik, o paghipo.
- Nagbibigay ang tagapamahala ng property ng malubha o ekstensibong di-katanggap-tanggap na komento tungkol sa katawan ng nangungupahan.
- Nagpapadala ang tauhan ng maintenance sa nangungupahan ng malubha o ekstensibong di-katanggap-tanggap o may seksuwal na pahiwatig na mga text at pumapasok ito sa kaniyang apartment kahit walang imbitasyon o pahintulot.

### MAAARI BANG MAITURING ANG IISANG INSIDENTE NG PANLILIGALIG BILANG DI-LIGTAS NA KAPALIGIRAN?

Oo, kung ito ay dahil sa isang protektadong katangian o sapat na malubha. Batay man ang claim ng panliligalig sa di-ligtas na kapaligiran sa iisang insidente o paulit-ulit na insidente ng di-katanggap-tanggap na gawi, kinakailangan pa rin ng pagsusuri ng kabuuan ng mga kalagayan.

Halimbawa, ang kalikasan ng di-katanggap-tanggap na gawi (hal., kung ito man ay sinabi, isinulat at/o pisikal) at ang lokasyon ng gawi (hal., kung ito man ay nangyari sa loob ng apartment ng biktima o sa karaniwang lugar), bukod pa sa ibang potensiyal na mga konsiderasyon, ay magiging salik sa pagsusuri kung sapat bang malubha ang iisang insidente ng panliligalig upang makahadlang o maipagkait sa biktima ang kaniyang karapatan sa paggamit at pagtamasa ng pabahay o sa pagganap ng ibang mga karapatang pinoprotektahan ng Batas.

# SEKSUWAL NA PANLILIGALIG AT PABAHAY

## DOKUMENTO NG IMPORMASYON

Civil Rights Department
STATE OF CALIFORNIA

### KAILANGAN BA NG PATUNAY NG SIKOLOHIKAL O PISIKAL NA PINSALA SA REKLAMO NG PANLILIGALIG?

Hindi. Hindi kailangang may ipapakitang sikolohikal o pisikal na pinsala upang patunayang umiiral ang di-ligtas na kapaligiran. Gayunman, maaaring maging mahalaga ang patunay ng sikolohikal o pisikal na pinsala sa pagpasiya kung ginawa ang di-ligtas na kapaligiran, at kung oo, sa pagtukoy ng halaga ng bayad-pinsala na maaaring may karapatan ang isang naagrabyadong tao.

### PAANO KUNG ANG IBANG NANGUNGUPAHAN ANG NANLILIGALIG SA AKIN?

Maaari mo itong iulat sa iyong may-ari ng bahay, at dapat niya itong bigyan ng pangunahing priyoridad at pagpasiyahan kung may sangkot na mapandiskriminang panliligalig sa ulat.

Hinihikayat ng Departamento ng Pabahay at Pagpapaunlad ng Lungsod (Department of Housing and Urban Development, HUD) ang mga provider ng pabahay na bumuo ng ligtas, katanggap-tanggap, at tumutugong kapaligiran ng pabahay sa pamamagitan ng regular na pagsasanay sa mga tauhan, pagpapaunlad at pagsasapubliko ng mga patakaran laban sa diskriminasyon, at pagkilos nang mabilis upang lutasin ang mga reklamo sa sandaling mayroon nang sapat na impormasyon na makapagdudulot sa makatuwirang tao na pagpasiyahang may nangyayaring panliligalig.

Iniaatas ng mga batas sa makatuwirang pabahay ng California sa mga provider ng pabahay na "gumawa ng agarang aksiyon upang itama at wakasan ang isang gawi sa mapandiskriminang gawi sa pabahay ng isang third party, sa sitwasyong alam o dapat ay alam ng provider ng pabahay ang mapandiskriminang gawi at may kapangyarihan siyang itama ito.  Kung mayroong mga alegasyon ng gawi na kung totoo ay maituturing na mapandiskriminang panliligalig, kakailanganin ng may-ari ng bahay na imbestigahan ang usapin upang gumawa ng makatotohanang pagpapasiya tungkol sa nangyari. Sa sandaling tapos na ang imbestigasyon, dapat siyang kumilos ayon sa mga natuklasang katotohanan, kabilang ang paggamit ng proseso ng pagpapaalis para sa ilegal na detainer o nangungupahan (eviction) laban sa sinasabing nanliligalig.

### ANO ANG GAGAWIN KO KUNG PINANINIWALAAN KONG BIKTIMA AKO NG SEKSUWAL NA PANLILIGALIG SA KAPALIGIRAN NG AKING PABAHAY?

1. Maghain ng reklamo sa Departamento ng Mga Karapatang Sibil (Civil Rights Department).
2. Kung ligtas na gawin, sabihin sa nanliligalig na huminto.
3. Maaari ka ring maghain ng reklamo sa provider ng iyong pabahay, kung iba ito sa nanliligalig.
4. Maaari ding ituring ang seksuwal na panliligalig na isang krimeng maaari mong iulat sa lokal na tagapagpatupad ng batas.

**Kung sa tingin mo ay naging biktima ka ng seksuwal na panliligalig, mangyaring makipag-ugnayan sa CRD.**

### PARA MAGHAIN NG REKLAMO

**Departamento ng Mga Karapatang Sibil**
calcivilrights.ca.gov/complaintprocess
Walang Toll: 800.884.1684
TTY: 800.700.2320
California Relay Service (711)

May kapansanang nangangailangan ng makatuwirang akomodasyon? Matutulungan ka ng CRD sa iyong reklamo.

*Para sa mga pagsasaling-wika ng gabay na ito, bisitahin ang:*

www.calcivilrights.ca.gov/posters/housing

*Ang gabay na ito ay para sa pagbibigay ng impormasyon lamang, hindi ito nagpapatupad ng substantibong patakaran o karapatan, at hindi ito maituturing na legal na payo.*

CRD-H04P-TG / December 2022